

Paano Ka Niya Hanapin at Kagatin

ANG PANGHULING KAKAYAHAN NG ANOPHELES NA LAMOK

ANG PAGHULI

Mga Biswal na Pahiwatig: Siya ay makatiktik ng kilos, kulay, hugis at partisan. Ang paningin ng lamok ay mahirap ngunit ang pagiging sensitibo sa ilaw ay mataas. Itong napabuting sensitibo ay nagpapatnubay sa kanya upang sundan ang mga amoy plumero sa gabi.

Mga Init na Pahiwatig: Siya ay makatiktik ng maigsing-abot na mga pahiwatig gaya ng init at pagkabasa. Habang tumataas ang temperatura ng iyong katawan, naging mas kahali-halina ka sa kanya.

Mga Kimikong Pahiwatig: Mga amoy sa katawan bunga ng pawis (asidong laktik) at ang amoy bunga ng karaniwang bakteryang nabubuhay sa pantaong balat (amonya) ay pwedeng matiktik galing sa layong 73 metro.

Dagdag na mga Kimikong Pahiwatig: Ang sensilya sa ibabaw ng antena ay makatiktik ng karbon dioxide (CO2) galing sa hininga ng tao sa layong 35 metro.

Ang kanyang paglipad na landas ay magsigsag palikod at pasulong habang dumadaan sa CO2 na plumero hanggang umaabot sa loob ng karaniwang paligid ng susunod na biktima

75 metro

Ang *Anopheles* na lamok ay mas humirang sa hindi naghugas na tao na may maruming mga paa higit sa isa na malinis at, naaakit sa mga maruruming damit kaysa sa mga malilinis.

Siya ay natutong magbantang dumaan sa mga bagay na walang-buhay at lumipat sa karaniwang banda ng mga artipisyal na pinagmulan ng ilaw.

35 metro

Higit 350 na mga compound ng amoy ang ibinukod sa pantaong balat. Ang mga syentista ay aktibong nagtatrabaho upang suriin iyong magpaurong at mag-akit ng mga lamok. Sa inpormasyong ito pwede silang maglahad ng mas tiyak na mga pampaurong sa balat at pinagtanging mga pang-akit para sa mga hibo ng lamok

Ang Target

Siya ay bihasa pagdating sa pagtuntun at pagkain sa kanyang hinirang na prey – ang tao. Ang babaeng *Anopheles* ay may isang grupo ng mga sensor sa kanyang ulo na makatiktik ng mga pisikal at kimikong pahiwatig. Ang mga pisikal na pahiwatig gaya ng temperatura, basa-basa at biswal na mga imahen ay napakamabisa kung siya ay malapit sa kanyang biktima. Ang mga kimikong pahiwatig ang pinakamalakas sa lahat ng estimulo at mag-akit sa kanya sa mas malaking layo.

NAKAMAMATAY NA MGA TANDA

Ang mga syentista ay naniwala na ang parasitikong malarya ay tumutulong din sa paghanap at pagkagat niya. Ang malarya na nahawang lamok ay kakagat nang mas maraming tao sa isang gabi kaysa sa hindi nahawang lamok at, maglaan ng mas mahabang panahon upang duruin ang nahawa ng parasitiko na laway sa kanyang mga biktima. Ang parasitikong malarya ay pwede ring magpalaya ng mga kimiko na magdulot ng mga pantaong amoy na mas nakakaakit para sa mga gutom na lamok. Pinaniniwalaan na ang parasitikong malarya ay mayhawak sa kanyang biktima upang iseguro ang pang-matagalang pananatili nito.

ANG KAGAT


Nang siya ay dahan-dahang lumunsad sa kanyang biktima, ang lamok ay magsimulang magsuri sa balat sa pagpupunyaging maghiwa ng isang sisidlan ng dugo. Ginagamit niya ang kanyang pang-hiwang kasangkapan na tinatawag na stylet, na nasa loob ng mga manipis na tubo sa gitna ng proboskis, upang maglagari sa balat. Ang kanyang mababa-babang labi, ang labium, ay nagtatakip sa mga stylet hanggang ito ay pumasok sa balat. Pagkatapos ang labium ay magpadulas sa proboskis, patungo sa kanyang katawan upang lumabas palayo. Kapag nabigo siya sa unang subokin, hilahin niya ang proboskis pabalik nang kunti, mamalagi sa parehong butas at magsuri sa ibang anggulo.

Sa bawat pagduro siya ay magpasok ng maliit na halaga ng laway sa loob ng sugat kung saan nagpapadali ng pagtalab at naghadlang sa pag-clot ng dugo sa makitid na pagitan sa daluyan ng kanyang pagkain. Sa kapos-palad ang laway ay naglipat din ng parasitikong malarya. Karamihan ng tao ay alerhiko sa laway na nagdulot ng makati na ribete sa balat. Kapag nasakal na siya sa dugo, marahan niyang hilahin ang kanyang mga stylet palabas ng sugat, ang labium ay lumipat pabalik sa dako nito at siya ay bakikaw na lumipad patungo sa pinakamalapit na bertikal na ibabaw upang magpahinga at magpatunaw sa kanyang pagkain.


ANG KANYANG MGA KASANGKAPAN

Ang katawan ng lamok ay hinahati sa tatlong bahagi: tiyan, toraks at ulo.

Ang katawan ay may anim na binti at dalawang kinaliskisang pakpak nakakabit sa toraks. Ang mga binti ay may mga bristle na nagbibigay-kaya sa lamok upang lasahin anumang ang linunsaran nito.



Siya ay may dalawang malalaking compound na mata na may maraming lens, lahat nakatira sa iba-ibang direksiyon. Ito ay nagbibigay sa kanya ng malawak na larangan ng bisyon upang maghanap ng prey.



Elektron na Mikroskopyong siglaw ng Sensilya

Pinapakita mula sa harap ng kanyang mukha ay isang pares ng mahaba, mabuhok na antena at dalawang parte ng bibig tinatawag na palp. Bawat isa ay may mga bristle na iba't ibang hugis tinatawag na sensilya na tanging pangiktik ng amoy, init, basa-basa at agos ng hangin.

Sa kawili-wili tanging lalaking lamok lamang ang may organong pandinig na nasa ilalim ng antena. Sa ating pagkakaalam, ang mga babaeng lamok ay bingi.

Sa ibabaw ng ulo, ang hugis-tubo na kasangkapang-pangkagat tinatawag na proboskis ay umabot sa ibaba galing sa kanyang mukha. Tanging babaeng lamok lamang ang may proboskis para pangkagat.

Hindi Ako Masasaktan Ngayong Araw

Bawat buwan ang Mosquito Information Corporation (Korporasyon ng Impormasyon sa Lamok) ay maglilimbag ng mga bagong grupo ng impormasyon para sa EEPIC tungkol sa lamok na *Anopheles* at malarya upang ikaw ay mas lalong mabigyan ng impormasyon kung paano iingatan ang sarili. Mas maraming kang kaalaman, mas magiging ligtas ka. Ipadala ang mga tanong sa inyong lokal na MosquitoZone entomolohista sa inyong susunod na pagpupulong na pangkaligtasan.

© 2006 Mosquito Information Corporation (Korporasyon ng Impormasyon sa Lamok). Lahat ng karapatan nakareserba. Ang MosquitoZone at ang MosquitoZone na logo ay nakarehistrong tatak ng Mosquito Information Corporation (Korporasyon ng Impormasyon sa Lamok). Ang Esso at ang Esso na logo ay tatak ng ExxonMobil at ng mga kasama nito.

